

10-31-2022

## Anatomiya ng Antolohiya: Interbensiyonal na Pagsipat sa Politika at Ideolohiya ng Piling Antolohiyang Pampanitikan ng mga Iskolar ng Rehiyon (Anatomy of Anthology: Interventional Study of the Politics and Ideology of Select Literary Anthologies by Scholars from the Region)

Michael Francis C. Andrada

*University of the Philippines Diliman, Philippines, mcandrada@up.edu.ph*

Follow this and additional works at: <https://animorepository.dlsu.edu.ph/akda>



Part of the [South and Southeast Asian Languages and Societies Commons](#), and the [Translation Studies Commons](#)

---

### Recommended Citation

Andrada, Michael Francis C. (2022) "Anatomiya ng Antolohiya: Interbensiyonal na Pagsipat sa Politika at Ideolohiya ng Piling Antolohiyang Pampanitikan ng mga Iskolar ng Rehiyon (Anatomy of Anthology: Interventional Study of the Politics and Ideology of Select Literary Anthologies by Scholars from the Region)," *Akda: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance*: Vol. 2: No. 2, Article 5.

DOI: <https://doi.org/10.59588/2782-8875.1039>

Available at: <https://animorepository.dlsu.edu.ph/akda/vol2/iss2/5>

This Regular Article is brought to you for free and open access by the DLSU Publications at Animo Repository. It has been accepted for inclusion in Akda: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance by an authorized editor of Animo Repository.

## RESEARCH ARTICLE

# Anatomiya ng Antolohiya: Interbensiyonal na Pagsipat sa Politika at Ideolohiya ng Piling Antolohiyang Pampanitikan ng mga Iskolar ng Rehiyon

Michael Francis C. Andrada  
University of the Philippines–Diliman  
mcandrada@up.edu.ph

## Abstrak

Sa patuloy na pagbubuo ng konsepto ng panitikang pambansa at kanong pampanitikan sa Pilipinas, mahalagang sipatin ang interbensiyong nagmumula sa rehiyon. Tinatalunton sa pag-aaral na ito kung gaano kasalimuot ang pag-uugnay ng panitikang pambansa at panitikang rehiyonal sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga lantad na politika ng pagbubuo ng piling antolohiyang pampanitikan mula sa mga rehiyon ng bansa. Sa pag-aaral na ito, sinisipat kung paano binubuo ng mga iskolar at antolohista ng panitikan mula sa rehiyon ang panitikang rehiyonal. Lampas sa madalas nang pagpokus sa pagsusuri ng mga malikhaing akda at panitikan mula sa rehiyon, sinisipat ng pag-aaral na ito ang politikal, ideolohikal o konseptuwal na pagbubuo ng mga antolohiya ng panitikang rehiyonal. Sa dulo, nagbibigay ng alternatibong pagsipat, sa pamamagitan ng mga tanong-interbensiyonal, bilang kritikal na ambag-diskurso sa nagpapatuloy na diskurso ng panitikang rehiyonal at panitikang pambansa.

**Mga susung salita:** panitikang rehiyonal, antolohiya, panitikang pambansa, kanon, interbensiyon

***Anatomy of Anthology: Interventional Study of the Politics and Ideology of Select Literary Anthologies by Scholars from the Region***

## Abstract

*Pursuing the conception-development continuum of national literature and literary canon in the Philippines necessitates the study of interventions from the regions. This article provides insights to the intricate relationship between national literature and regional literature through a discursive analysis of the politics behind the formation of select regional literary anthologies. This article provides a critical frame to how literary scholars and anthologists from the region conceptualize regional literature. Instead of focusing on the literary analysis of creative writings and literatures from the regions, this work surveys the political, ideological, or conceptual modes of creating anthologies of regional literatures. This paper then humbly articulates an alternative method, through intervening inquiries, as a possible contribution to discoursing regional literature and national literature.*

**Keywords:** regional literature, anthology, national literature, canon, intervention

Ngayon, higit kailanman, imperatibo ang pagsipat sa mga politikang nagtutulak sa pagbubuo ng panitikang rehiyonal sa Pilipinas. Inilalatag ng pag-aaral na ito ang pangangailangang kritikal na sipatin ang mga antolohiyang pampanitikan ng/mula sa mga rehiyon: kung ano ang naging pormatibo at dominanteng paraan ng pag-aantolohiya, kung ano-ano ang mga naging tagumpay nito, at sa huli, kung paanong higit na mapauunlad pa ang pag-aantolohiya lagpas sa pormatibo at dominanteng nakasanayan. Kung sisipatin ang lawas at bilang ng mga antolohiya, teksbuk, manwal at iba pang pedagogikal na rekurso hinggil sa panitikang rehiyonal na lumabas at patuloy na lumalabas sa kasalukuyan, maaari nang masuri kung paano pumipili at para sa anong layunin ang pagbubuo ng mga ito. Ang papel na ito ay nagmumungkahi ng isang paraan ng pagsipat na interbensiyonal, sa partikular, ang paglalalatag ng alternatibong pamantayan o pamamaraan ng pag-aantolohiya, sa loob at labas ng mga rehiyon. Sa pamamagitan ng pagsipat sa politika at ideolohiya ng produksiyon ng mga antolohiyang pampanitikan mula sa rehiyon, nilalayon ng pag-aaral na ito na magsilbing interbensiyon sa masalimuot na tereyn ng pagbubuo ng panitikang rehiyonal tungong panitikang pambansa. Ang pormasyon ng mga antolohiyang pampanitikan mula sa rehiyon ay bahagi ng pagtataguyod ng mga kanong pampanitikan mula at para sa rehiyon at para sa bansa. Layong interbensiyonal ng pag-aaral na ito na idiskurso (1) kung paano nakaaapekto ang mga pamantayan ng panitikang pambansa sa pagbubuo ng mga antolohiyang pampanitikan mula sa rehiyon, (2) kung paanong bumubuo ng kani-kaniyang pamantayan ang mga iskolar at antolohista mula sa mga rehiyon, at (c) kung paanong ang masalimuot na larangan ng panitikang rehiyonal ay isang tereyn ng tunggalian. Pinili ang mga iskolar at antolohiyang pagtutuunan ng pagdidiskurso sa pag-aaral na ito dahil sa hinihirayang pormatibong epekto at saklaw ng mga ito sa danas ng pagbubuo kapuwa ng panitikang pambansa at panitikang rehiyonal sa nagdaang mga dekada hanggang sa kasalukuyang patuloy na pag-usad at pag-unlad ng tereyn na ito. Mapaghawang maituturing ang mga pag-aaral nina Bienvenido Lumbera, Lucila Hosillos, Victor Sugbo, Rosario Cruz Lucero, Isagani Cruz, at iba pang iskolar pampanitikan ng rehiyon at bansa na hanggang sa kasalukuya'y binabalikan, ginagawang sanggunian, at iniinteroga.

Gamit ang samotsaring diskurso ng mga iskolar

at antolohista hinggil sa mga konsepto ng “nasyon” o “bansa,” “estado,” “kanon,” ng “pambansang wika at panitikan,” at ng “panitikan at wikang Filipino” bilang mga “perenyal na pinoproblematisang” terminolohiya’t konsepto, nararapat nang patampukin bilang bahagi ng metanaratibo ng panitikang pambansa ang mga antolohiyang pampanitikan mula sa mga rehiyon sa Pilipinas. Di lamang ang mismong mga produksiyong pampanitikan o mga akdang pampanitikan ang dapat pagtuunan ng pansin, kundi maging ang samotsaring pagtatangka at gawaing pampanitikan ng mga may-akda at iskolar ng/mula sa mga rehiyon, nang may partikular na tuon sa mga antolohiya. Para sa pag-aaral na ito, binibigyang-depinisyon ang “iskolar ng/mula sa rehiyon” bilang mga iskolar, may-akda, guro, antolohista, mag-aaral, at/o advocate ng pagtatampok at pagpapaunlad ng panitikang rehiyonal, bagama’t hindi nakatali sa mga iskolar na nakapirmi sa rehiyong pinagmulan o pinag-ugatan, kundi mga iskolar rin, sa loob at labas ng mga sentrong urban, sa loob at labas ng mga rehiyon, na transgresibong umaadhika ng pagpapaunlad ng panitikang rehiyonal tungo sa pagpapaunlad ng panitikang pambansa. Sa ganang ito’y nararapat na iugnay ito sa patuloy na nagbabagong pamantayang pampanitikan, ayon na rin sa depinisyon ng Marxistang si Raymond Williams: sa loob at labas ng luma (residual), kasalukuyan (present), bago (future) at umuusbong (emergent) na ideya ng panitikan at kanon. At sa gayong punto rin nararapat nang saklawin ang pagsusulat ng mismong “pambansang panitikan” sa/ ng Pilipinas na kabilang, kabahagi at katuwang na ang mga panitikan mula sa iba’t ibang rehiyon. At lahat ng ito’y hinding-hindi rin maihihiwalay sa paghahawan ng landas ayon sa pampolitika, pangkultura at pang-ekonomiyang kontradiksiyon sa lipunan at sa buong mundo.

Upang masuong ang interbensiyonal na diskursibong pagtalakay sa mga politika ng mga antolohiya, kailangang bagtasin kung paanong ang pag-aaral sa panitikang mula sa rehiyon ay maituturing na bahagi ng pagtatangkang bulatlatin at suriin ang umiiral na pampanitikang kanon sa bansa. Sa sanaysay na “Spanish and American Colonial Literature in Tagalog” (1967) ni Clodualdo del Mundo, mahihibo ang pag-akyat ng mga panitikang nakasulat sa Kastila, Ingles, at Tagalog bilang mga panitikan ng sentro (Maynila at iba pang metropolitan areas o sentrong urban) at sa gayong landasin ay umusbong bilang kanon ng panitikang Filipino. Ayon kay del Mundo sa huling bahagi ng

kaniyang sanaysay, mahalagang balikan at halungkatin din ang mga panitikang nasusulat sa iba pang lokal na lengguwahe't bernakular sapagkat marami pang hindi nalalaman hinggil sa mga ito.

Ang ganitong pahayag ni del Mundo, bagama't pahapyaw, ay nararapat na magbunsod ng paghalukay at pagpapatampok sa mga panitikan ng rehiyon sa Pilipinas, na siya namang ginawa at patuloy na ginagawa ng maraming iskolar ng mga rehiyon sa kasalukuyan. Halimbawa, sa introduksiyon ni Resil B. Mojares sa antolohiyang *Panulaang Cebuano* (1993) nina Don Pagusara at Erlinda Alburo, sinabi niya na:

...ang kaalaman natin sa mga tradisyon ng panulaang Cebuano sa kasalukuyan ay nananatiling kapi-kapiraso o pangkalahatang impresyon lamang. Kailangan pang linangin, halimbawa, ang isang sapat at sistematikong pag-uuri ng mga porma ng mga tulang Cebuano. Ang *Arte de la Lengua Zebuana* (1801) na isinulat ng Agustinong si Francisco Encina (1715–60) ay naglalaman marahil ng pinakaunang kasulatan hinggil sa panulaang Cebuano...Subalit ang kanyang mga paglalarawan ay madalang at nakatali sa mga moda ng metrikong Kastila. (Mojares xiii)

Mapag-uugnay ang mga sanaysay nina del Mundo at Mojares. Una ay ang malinaw na pagdalumat ni del Mundo sa implikasyon ng kolonyal na impluwensiya ng mga Kastila, Amerikano't Hapon sa pagbubutbot o pagsisiyasat ng mga panitikang matatagpuan sa Pilipinas na naging mardyinal dahil sa kolonyal na wika't ideolohiya. Ikalawa ay ang partikularidad na idiniin ni Mojares sa paghahangad na muling balikan at muling suriin ayon sa Filipino at "rehiyonal" na iskolarsyip ang mga kolonyal na pag-aaral sa mga katutubong produksiyong pampanitikan sa bansa. Ang sinasabi niyang "impresyon" lamang ang mayroon ang mga Pilipino hinggil sa panulaang Cebuano ay maaaari ring sabihin para sa lahat ng mga literatura ng mga rehiyon. Marami pang kailangang gawing sistematikong pag-aaral upang malubos ang pagkaalam natin sa mga panitikan na nasa bansa. At ikatlo ay ang kinakailangang pagsisikhay upang palisin ang pagiging mardyinalisado mismo ng mga panitikang galing sa rehiyon dahil sa pag-usbong ng kanon na isiniwalat na ni del Mundo at iba pang pantas pampanitikan. Sa ganang ito'y mailalapat ang teorya ng *concentric comparativism* ni Lucilla Hosillos sa kaniyang librong

*Originality as Vengeance*.

Mamamasdan na mayroong tatlong digri ng "bilog" na magpapadalumat sa tatlong lebel o baryasyon ng tunggaliang dominante/sentro at mardyinal pagdating sa panitikan: (1) kolonyal na panitikan at ideolohiya (dominante) vs. panitikang Filipino (mardyinal) sa iba't ibang yugto ng kolonyal na karanasan ng Pilipinas hanggang sa kasalukuyang neokolonisasyon; (2) panitikang Filipino sa Tagalog (kanon/sentro) vs. iba pang panitikan ng rehiyon sa Pilipinas (mardyinal); at (3) panitikan ng rehiyon (naasimila ng sentro, bahagi ng dominante) vs. "menor" na panitikan ng rehiyon (mardyinal maging sa rehiyon). Masisipat dito ang masalimuot na suliranin ng pagbubuo ng sa kalauna'y tatawaging panitikang pambansa at panitikang Filipino.

Samakatwid, kinakailangan ang pagpapalalim sa "rehiyonal" bilang konsepto't diskurso upang maigpawan na ang ipinamamandilang pagiging periperat o mardyinal nito. Dalawa ang magiging pangunahing tuon ng papel na ito, kapuwa magpapaliwanag kung paano sasaludsurin ang mga panitikan mula sa mga rehiyon upang umalpas sa pagiging mardyinal nito: Una, ang diskusyon hinggil sa pagpapalitaw o pagsasanay ng mga edukador at iskolar na magpapayabong sa pag-aaral hinggil sa panitikan ng/mula sa iba't ibang rehiyon. At ikalawa, ang pagpapalawig ng naratibo hinggil sa "asimilasyon" o pagiging bahagi ng panitikan ng/mula sa rehiyon sa bubuuang kanon ng Panitikang Filipino.

Napakalaki pa ng problema ng panitikan mula sa mga rehiyon. Sapagkat mayroon pa ring matinding pangangailangan upang analisahin at bunuin ito batay sa batayang teoryang pampanitikan ng "Sentro vs. Periperat/Mardyinal" at batay sa pagsusuri ng pinananaig na tila postmodernong estetika ng simulacra o matrix, na umano'y nalabusaw na ang lahat ng uri ng kategorisasyon—politikang man, kultural, ideolohikal o pang-ekonomiya. Kailangang sagutin ang sumusunod: Sa anong punto ng interpelasyon ng panitikan ng rehiyon sa panitikan ng sentro nagiging tunay na matagumpay ang pagpapakilala at pagtanggap sa panitikan ng mga rehiyon? Paano ginagagap, tinatanggap o pinapaslang ng sentro o urban na panitikan ang mga periperat o mardyinalisadong panitikang buhat sa mga rehiyon? Anong uri ng landas ang hinahawan ng mga pampanitikang pantas ng sentro para sa mga panitikan ng rehiyon? Anong uri ng landas ang tinatahak ng mga iskolar mula sa mga rehiyon para sa kani-kanilang mga panitikan? Paano nagiging

“necessary step” ang “rehiyonalismo” upang maabot ang “nasyonalismo,” “pambansa,” at “Filipino”? Paano isusulat ang kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas at ano ang papel ng panitikan ng mga rehiyon sa pagsusulat ng naturang kasaysayang pampanitikan?

### Su(bersiyon) sa/ng Rehiyon

Ayon nga kay Frantz Fanon, isang rebolusyunaryong Algerian, sa kaniyang *The Wretched of the Earth*, mayroong tatlong yugto ang proseso ng dekolonisasyon: (1) ang tila “asimilasyon” ng lumang kultura ng bagong kultura; (2) ang pagbalik sa prekolonyal na karanasan (na madalas ipamparatang ng mga iskolar na etnosentrismo at natibismo o dili kaya’y may malaking posibilidad na maging etnosentriko o natibista kung ito lamang ang pagtutuunan); at (3) ang mga popular at progresibong pagdadalumat na kailangang isagawa sa kasalukuyan. Mula rito, maaaring taluntunin ang kasaysayang pampanitikan ng/sa Pilipinas bilang patuloy na pakikidigma sa mga tinga at tinik ng kolonyalismong Kastila at Amerikano, at sa kasalukuyang gahum ng imperyalismo at/o neokolonyalismo.

Ang pag-aaral hinggil sa pagsusulat ng kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas at pagpoproblematisa sa usapin ng kung ano ang “pambansa” at “panitikan” sa “pambansang panitikan” ay nararapat sumuong sa usapin ng kung ano ang “rehiyon” at “panitikan” sa “panitikan mula sa rehiyon” o “panitikang rehiyonal.” Katulad ng pagdiskurso sa mga terminong “pambansa” at “nasyon,” ang “rehiyon” ay hindi homogenisado. Maaaring mangahulugan o kaugnay, kung gayon, ang “rehiyon” bilang isa sa o lahat ng sumusunod na pakahulugan: (1) heyograpikal, (2) populasyon, (3) wikang kinakasangkapan, (4) kaakuhan o identidad—kabilang ang lahi, etnisidad, kasarian at seksuwalidad, (5) ekonomiya at uring panlipunan, (6) kultura, at/o (7) politika. Marami pang maisusukbit na pakahulugan sa “rehiyon,” ngunit para sa papel na ito, mangangahulugan ang “rehiyon” bilang isang “tereyn ng tunggalian at ugnayan.” Ibig sabihin, pagkilala ito na mayroong kailangang suunging iba’t ibang tunggalian sa pagbubuo ng panitikang rehiyonal at panitikang pambansa bilang “magkahiwalay ngunit magkaugnay” na proyekto, at gayundin sa pagsusulat ng kasaysayang pampanitikan. Halimbawa, maaaring siyasatin kung ang “rehiyon” ay ginagamit lamang sa dominanteng

nakasanayan ngayon bilang “komportableng tugon” sa neokolonisasyon at “transitory stage” sa pagbubuo ng Panitikang Filipino at pambansa. Maaaring paglimian kung ang pagkasangkapan sa terminong “rehiyon” ay temporaryo o pansamantalang kategorya bilang inisyal na tugon sa matinding haplit ng kolonyalismong Kastila at Amerikano noon, at sa kasalukuyang neokolonisasyon at kulturang popular. Maaaring suriin kung ang paggamit ng terminong “panitikang rehiyonal” ay nakatali pa rin sa politikang sentro-gilid, na ang “pambansa” ang sentro at ang “rehiyon” ay gilid, periperal o mardyinal. Ibig sabihin, kailangang balikan, halukayin, ipamandila at patuloy na payabungin ang mga panitikan ng rehiyon kaugnay ng diskursong ito—ng diskurso ng proyektong nasyonalista. Imperatibo ring tiyakin na sa proyekto ng pagbubuo ng pambansang panitikan, ang mga panitikan ng mga rehiyon ay hindi itinuturing na mardyinal kundi dapat paalpasin mula sa gayong mardyinal na naratibo. Dahil ang panitikang rehiyonal—sa lahat ng salimuot nito at sa lahat ng salimuot ng proseso ng pagbubuo ng panitikan at bayan—ay panitikang pambansa.

Matagal nang nariyan ang mga panitikan ng/mula sa rehiyon. Ayon nga kay Victor N. Sugbo sa kaniyang “Introduksyon” sa *Illumined Terrain: The Sites and Dimensions of Philippine Literature*:

The development of literature is a conflation of factors—the productivity of the writer, the support of a community of readers, the work of the scholar and literary critic, the publishing industry, and the economy. (Sugbo vii)

Mula rito mahihibo natin na ang panitikan ng rehiyon ay nakapaloob din sa kaugnay na pag-unlad ng iba pang panitikan sa Pilipinas. Maaaring di ganoon kalimbag, ngunit hindi maitatanggi na ang mga panitikan ng iba’t ibang rehiyon ay mayroong malawak na tagabasa, tagapakinig at tagapagtangkilik—mula sa maiigsing tula’t tugma na ginagamit ng mga bata sa paglalaro at pag-aaral, hanggang sa mga pista’t perya ng mga bayan-bayan, hanggang sa mga pormal na patimpalak pampanitikan tulad ng Balagtasan at Bukanegan, hanggang sa mayamang panitikang bayan ng mga pamayanang katutubo, at hanggang sa mga awit ng protesta at rebolusyon sa kanayunan. Sinasabi kung gayon ni Sugbo na ang “rehiyon” at “panitikan” sa “panitikan ng mga rehiyon” ay tulad ng panitikang kanon at panitikan ng sentro na binubuo



ng mamamayan at dumaraan sa maraming baybaying politikal, ideolohikal, at kultural.

Patuloy na umuunlad, yumayabong at bumubuo ng bagong panitikan ang mga rehiyon dahil mahigpit itong kapagkit ng kanilang buhay, kultura, politika, at ekonomiya. Napatunayan na ito sa kasaysayan, na kahit pa dumaong at nagpailanlang ng panitikang kolonyal ang mga dayuhan ay masigasig ang subersiyong ginawa ng mga Pilipino. Masisipat ang ganitong obserbasyon ng mga subersiyong pampanitikan ng mga Pilipino sa mga akdang *Originality as Vengeance at Philippine-American Literary Relations, 1898-1941* ni Hosillos, *Waiting for Mariang Makiling: Essays in Philippine Cultural History at Theater in Society, Society in Theater: Social History of a Cebuano Village, 1840-1940* ni Mojares, *Translating the Sugilanon: Reframing the Sign* ni Corazon D. Villareal, at *In Our Own Words: Filipino Writers in Vernacular Languages* na inedit ni Isagani R. Cruz. Pawang pagsaludsod ang mga naturang akda sa iba't ibang punto at uri ng subersiyon ng katutubong manunulat sa kolonyal na karanasan nila sa ilalim ng mga Kastila, Amerikano, at Hapon.

Matimyas na halimbawa ng subersiyong ito ay ang sinasabi ni Villareal na “pagsasalin bilang sub-version.” Sa “The Corrido: Translation as Subversion,” ang ikatlong tsapter ng kaniyang *Translating the Sugilanon*, mayroong dalawang mahalagang punto at porma ng sub-version ang inanalisa ni Villareal hinggil sa pagsasalin ng corrido: ang lingguwistikong bulgarisasyon (vulgarization) ng batis na texto ng corrido at ang corrido bilang “creative mis-reading” o ang sub-version ng relihiyon. Ani Villareal hinggil sa bulgarisasyong lingguwistikong ginawa ng mga Hiligaynon sa mga texto ng mga Kastila:

The corrido translations then were not mainly linguistic but literary, i.e., a transfer in terms of motifs, characters, and story outline. There was very likely minimal attempt at a word-for-word, line-by-line translation. Both Fansler and Barrantes also speak of a misreading of the corridos; they hint at its appropriation by the poet for his own ends, and its alteration as it was passed on from one reader to another. The corrido is in a sense a vulgarization of the source text, their readers translating these in an off-hand, loose way.” (Villareal 42)

Nangangahulugan ito na di-tulad ng layuning indoktrinasyon ng mga Kastila ang pagsasalang ginawa

ng mga makata sa Hiligaynon sa mga tekstong Kastila, lalo na't ang korido'y mas nabuhay sa Pilipinas bilang isang oral na tradisyon. Ang pasaling nito mula sa isang karaniwang mamamayan tungo sa isa pang karaniwang mamamayan ay hindi na nakapagkit sa tuon ng mga kolonisador na Kastila na “overriding concern...in translating religious literature...to ensure the passage of Christian doctrine to the readers in unadulterated form” (Villareal 43).

Hinggil sa “creative mis-reading,” sinabi ni Villareal na:

The corrido was, in other words, the imaginative space the Filipinos had set aside to engage in the earthy, the carnivalistic, the fantastic, the bawdy, the exuberance of life and spirit shunted aside in a medieval order. It was not surprising that the missionaries looked upon it with suspicion and summarily dismissed it as heretical.

....  
The corrido's liberative potential was evident not only in the creative sphere but in the political arena as well. It was a medium to protest against the colonizers' injustices.

....  
Bernardo Carpio was a redemptive figure whose anointment Bonifacio and his men had to seek before the revolution could commence. Through the corridor of Bernardo Carpio, translated from the Mecedades, then transfigured and transformed within the Filipino semiotic system, revolution and romance had become conjoined.” (Villareal 48-51)

Mababakas sa ganitong pag-aaral ni Villareal ang masigasig at komyunal na pag-aakda sa “Hiligaynon” ng mga Ilonggo ng Kanlurang Bisayas, sa partikular ang pagsasalin sa bernakular na lengguwahe ng mga Kastilang texto ay naging sub-version ng textong kolonyal, sa halip na mauri bilang indoktrinasyon. Nangangahulugan ito na aktibo maging ang mga manunulat at mamamayan ng iba't ibang rehiyon sa pag-aakda ng kanilang bayan—sa kanilang sariling pamamaraan, kaya hindi maiwawaglit na noon pa man, maging sa panahon ng kolonyal na karanasan ng bansa, ay umaakda at lumalaban ang mga taga-rehiyon.

Gayundin, masigasig ang mga manunulat mula sa mga rehiyon sa pagpapayabong at pag-

e-eksperimento—sa porma man o nilalaman—sa kanilang mga akda. Halimbawa, ayon kay Prescillano H. Bermudez, isang manunulat na Iluko:

A while ago, I gave you one of our latest work (book) edited by Mr. Jaime Lucas and myself. Some of the works included are not published in the *Bannawag* because they are “avant garde” poems. Oh yes, I know this was mentioned to you by Dr. Godofredo S. Reyes who is now sponsoring an avant-garde poetry writing contest; perhaps, that is what can be considered as a “major development” in Iloco literature. Other than this, some of the writers who experimented by changing the format of Iloco literature were Reynaldo A. Duque and Lorenzo G. Tabin.” (Cruz 48)

Ngunit higit pa sa tala hinggil sa pagpapayabong ang mapipiga mula sa pahayag na ito ni Bermudez. Kung iuugnay ito sa depinisyong Sugbo ng literatura, masisilo natin na may malaking implikasyon ang pahayag ni Bermudez hinggil sa kung paano niya tinitingnan ang panitikang Iluko bilang isang panitikan ng rehiyon at bilang bahagi ng proyekto ng pagsusulat ng kasaysayang pampanitikan ng Pilipinas. Una, ang pananaw o posisyon ng isang manunulat na nanggaling sa rehiyon at nagsusulat sa wika ng kaniyang rehiyon, ngunit naasimila ng sentro (dahil nakapag-aral sa Maynila at naging “alaga” at “palakihin” ng komersiyal na publikasyon. Para kay Bermudez, maituturing na mayor na pag-unlad sa panitikang Iluko ang pagkakaroon ng “avant-garde” na patimpalak sa pagtula—na kung tutuusin ay bumabaybay sa tradisyon ng New Criticism. Masasapo na agad mula sa pahayag na iyon ang tila pinananaig na “avant-gardismo” sa panitikang Ilokano. Ikalawa ay ang impluwensiya ng isang komersiyal na publikasyon, ang *Bannawag*, sa produksiyong pampanitikan ng isang rehiyon. Mahihibo mula sa pahayag ni Bermudez na “pang-masa” ang tuon ng *Bannawag*, kaya hindi ito naglalathala ng “avant-garde” na mga tula.

Nangangahulugan ito na walang iisang pananaw ang mga manunulat ng rehiyon hinggil sa kanilang mga panitikan. Dahil iba-iba rin ang kultural na karanasan at ideolohikal na pag-aakda sa mga manunulat at iskolar. Mahihinuha rito ang bisa at bistay ng pag-aakda ng lipunan sa manunulat—at kung paanong isinusulat ng manunulat at iskolar ang kaniyang rehiyon ayon sa pag-aakda sa kaniya ng kaniyang lipunan. Sa sentro,

lungsod, o mga urban area, lalo na sa akademya, kadalasang iniaakda at ipinanganganak ang mga kinikilalang iskolar at manunulat sa bansa. At ang mga iskolar na ito ang siyang humahabi ng mga pagtatangka at patuloy na pagtatangka upang sulatin ang kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas nang kasama ang pag-aaral ng mga panitikan ng iba’t ibang rehiyon. Sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman, ang Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ay mayroong mga kursong nakatuon sa pag-aaral ng rehiyonal na literatura.

Kung sisipatin, ang akademya at mga pangkultura, pampanitikan, at pangkomunikasyong institusyon ay humahabi rin ng mga paraan upang ipakilala sa mas maraming mamamayan sa bansa ang mga panitikang buhat sa iba’t ibang rehiyon. Kaugnay ng pormasyon at pormulasyon ng kanon—sa loob at labas ng akademya at “lehitimong (urban at sentro)” pampanitikang komunidad—ay ang mga batas at mekanismo na naglalangkap, nagsasama, naglalambong at kadalasa’y lumalamon sa mga pakahulugan sa rehiyonal na panitikan. Ilan sa mga batas, atas, at mekanismong maituturing na naglalambong sa mga panitikan ng mga rehiyon ay ang sumusunod: publikasyon (magasin, diyaryo, antolohiya, sarbey, bio-bibliograpiya, at teksbuk), palihan, organisasyon ng mga manunulat, patimpalak, mga grant, institusyong pampanitikan at pangkultura ng estado, pagsasalina, kulturang popular, at mga kurso o subjek sa mga paaralan.

### **Anatomiya ng Antolohiya: Ang Iskolar ng Rehiyon at ang Kaniyang Antolohiya**

Hindi na maitatangi na mayroon nang nasimulang mayabong na iskolarsiyip ang mga pantas pampanitikan at manunulat mula sa mga rehiyon. Bunsod ito ng maituturing na postkolonyal na diskurso ng Araling Pilipino (Philippine Studies) pagdating sa panitikan ng bansa—ang mga reaksiyon ng Pilipino sa kolonyal na karanasan.

Ilan sa maituturing na mga unang postkolonyal na lapit ay ang pagsasagawa ng mga antolohiyang babangga sa mga pagtitipong ginawa ng mga kolonisador hinggil sa panitikan ng bansa. Matatagpuan, halimbawa, sa mga *vocabulario* ng kolonyal na Kastilang mga misyonero at relihiyosong orden, ang tinipong maiigsing tula at tugma, mga katutubong panulaan o tulang bayan, ngunit nasa konteksto ng tunguhing kolonyal. Kung ikukumpara ang mga tinipong panulaang bayan sa

mga vocabulario, halimbawa, sa tulad ng pagtitipong *El Folk-Lore Filipino* (1889) ni Isabelo de los Reyes, makikita ang pagtitipon ni de los Reyes bilang asersiyon ng kaakuhan at kulturang sarili, taliwas sa predikamentong kolonyal sa vocabulario.

Ang pagtitipon o pag-aantolohiya ng panitikan ay isa ring tereyn ng tunggalian, kung gayon, dahil maaari itong kasangkapanin ninuman, at sa kasaysayan ng bansa, kinasangkapan ito ng mga dominanteng puwersa, partikular ng mga dayuhang kolonisador at neokolonisador. Sa isang banda, hinusto din ito ng mga makabayang intelektuwal tulad ni de los Reyes. Maraming paraan ng pag-aantolohiya, lalo na ng mga antolohiyang hinggil sa panitikan mula sa iba't ibang rehiyon. Karaniwang ginagawa ay ang pagsasaayos ng mga akda batay sa petsa ng pagkakalimbag ng mga ito o dili kaya'y batay sa mismong mga awtor lamang. Ngunit mayroong iba na di lamang nagsumiksik sa pinaka-komportableng paraan ng pag-aantolohiya. Mayroong lumagpas sa sipat na diyakroniko sa pamamagitan ng sinkronikong paglulugar at pagdadalumang sa mga karanasan at pangyayaring naikintal sa mga akda at may-akda.

Ang iba'y nagsimula nang gumawa ng mga antolohiya gamit ang mga modernong teorya ng pagsasabuo ng kanon (basahin ang *The Making of the Modern Canon: Genesis and Crisis of Literary Idea* ni Jan Gorak) tulad ng ideya't diskursong intertekstual, interart, at iba pang inter-. Sa Pilipinas, sa pagsulpot ng samotsaring antolohiya ng mga panitikan ng iba't ibang rehiyon, masisipat ang pag-eempleyo ng mga ideolohiyang gagabay sa pamimili ng kung ano ang ililimbag sa mga nasabing koleksiyon. Ngunit mas dapat ding pansinin kung ano ang layunin, bukod sa pagpapakilala at potensiyal na asimilasyon ng mga ito sa kanon ng panitikang Filipino, ng mga antolohista't iskolar, na kadalasang nalalabusaw dahil sa mga isyu ng publikasyon, ng publisher, at ng mga nagpopondo sa mga naturang proyekto.

Halimbawa, sa *Tinipigan: An Anthology of Waray Literature*, sinabi ni Sugbo na:

When this anthology was initially conceived, I knew I was taking a journey into an almost forgotten country. Although the presence of a long existing university museum and library in the city, and the assurance of an artist-curator friend who offered help were comforting, the literary materials or resources were not, for

much of the collection had to do with works of writers in Leyte.” (Sugbo xv)

Ang unang linya pa lamang ni Sugbo ay maaari nang mabasahan ng isang tipikal na postkolonyal na paglalakbay sa paggalugad sa kasaysayan at panitikan tulad nang ginawa ni Alejo Carpentier sa kaniyang nobelang *The Lost Steps*, na sa pamamagitan ng antolohiya't musika ay ginalugad ni Carpentier ang nilimot at ibinaong kasaysayan ng Latin Amerika. Sa gayong punto, masisipat na ang paglalakbay ni Sugbo sa isang tila nalimutan nang bansa ay isang matiim na pagnanasang halukayin ang sariling kultura't kasaysayan.

Ang inempleyong paraan ng pagsasaantolohiya ni Sugbo ay ayon sa mga may-akda at petsa ng publikasyon. Nahahati sa dalawang mayor na bahagi ang akda: siday o tula at drama. At bawat seksiyon ay kinapapalooban ng mga tula't dulang nakaayos ayon sa mga awtor na umakda sa mga ito. Sinipat ni Sugbo na ang inisyal na mga sanggunian niya ay mga lumang antolohiya at mga bibliograpiyang Lineyte–Samaron na naging mahalaga sa pagtukoy rin ng kung ano ang mga hahalukayin niyang bahagi ng aklatan at museo upang maging kahit paano'y matagumpay ang kaniyang proyekto.

Pumapasok na agad ang estado mismo sa pag-aantolohiya pa lamang na ito ni Sugbo. Matutukoy ang mga institusyong kultural, antropolohikal, at pampanitikan ng estado, sa pangunahin ang National Commission for Culture and the Arts (NCCA). Bunsod din ito ng pagsuporta ng NCCA sa paghahalukay ng mga literatura ng iba't ibang rehiyon, na naaayon—malay man o hindi—sa ideya't politika ng gobyerno hinggil sa proyektong kultural nito.

Sa “Preface” naman ni Hosillos sa kaniyang *Hiligaynon Literature: Texts and Contexts*, sinabi niya na:

This anthology was born out of the anguish for ancestral roots and the desire to retrieve, reconstitute, preserve, and develop Hiligaynon literature and hence the Hiligaynon language. As a pioneering anthology it aims to show to the Hiligaynons their own experience, institutions, and culture, and their individual and social reaction to the changes in their life, environment, and history which are their own creation and of which they are creatures.” (Hosillos iv)



Kung susuriin, ang pahayag na ito ng iskolar na si Hosillos hinggil sa layunin ng naturang antolohiya ay kapisan ng pagtatangka sa pagsasabansa ng panitikang Hiligaynon. Hindi isinaayos ni Hosillos ang antolohiya batay lamang sa peryodisasyon ayon sa mga makasaysayang pangyayaring panlipunan o dili kaya’y sa mga pampolitikang pangyayari lamang. Bagkus, aniya:

The texts are treated as constituent elements of Hiligaynon life, society, and history with which they exist in reflexive refraction. The predominant values and characteristics of these interrelationships provide bases for differentiating literary texts and the timespaces under which they are grouped.” (Hosillos iv)

Nais ipahiwatig dito ni Hosillos na hindi nakasaayos ang antolohiya batay lamang sa petsa ng publikasyon ng mga texto at/o sa buhay-kamatayan ng mga awtor na nagsatitik sa mga ito. Samakatwid, pinapaunlad dapat ng mga iskolar ang diskurso ng pagsusulat ng kasaysayang pampanitikan labas sa talamak na peryodisasyon lamang—labas sa palasak na diyakronikong paghahanay ng mga ito tulad ng ginagawa sa mga greydskul at hayskul na mga teksbuk. Lalo na’t ang dominanteng peryodisasyon sa kalakhan ng mga antolohiya ay nakatali pa rin sa kolonyal at neokolonyal na pagyuyugto, tulad halimbawa ng mga yugtong “Panahon ng Katutubo” o “Panahong Prekolonyal,” “Panahon ng Kastila,” “Panahon ng Amerikano,” at iba pa. Pawang nakapayungyong ang pagyuyugto sa kolonyal na pananakop, lalo na sa pagpapamagat ng mga yugto o bahagi sa mga antolohiya. Kung pauunlarin pa ang sinasabi ni Hosillos, maaaring isulong ang pagyuyugto na bagama’t diyakroniko’t historikal ay may tuon sa “tunggalian at patuloy na produksiyon,” nang may diin sa asersiyon ng sariling panitikan at produksiyong pampanitikan kahit sa lilim ng mananakop. Ang diin, kung gayon, ay nasa malikhain at mapag-adhikang produksiyon ng mamamayan/sariling bayan, mapanunggali man ito o realistang repraksiyon ng buhay at pakikibaka sa naturang yugto. Makikitaan na ang paglalapat ng teoryang pampanitikan maging sa mga antolohiya ay isang tiyak at depinitibong aksiyon upang mapaunlad ang diskurso ng pagsusulat ng kasaysayan ng rehiyonal na literatura—kapisan ang pagsusulat ng kasaysayang pampanitikan ng bansa.

Marami pang ibang antolohiya at kompilasyon o koleksiyon na nakasentro lamang sa mga partikular na rehiyon tulad ng *Dulaang Cebuano* (1997) nina Pagusara, Alburo, at Mojares; *Lineyte-Samarnon Poems: A Collection* (1974) na tinipon ni Raymond T. Quenchenbach; *Cebuano Poetry 1: Until 1940* (1988) at *Cebuano Poetry 2: 1940–1988* (1988) nina Alburo et al.; *Patubas: An Anthology of West Visayan Poetry: 1986–1994* (1995) na inedit ni Leoncio P. Deriada; at *Dulaang Hiligaynon* (1996) na isinatipon ni Rosario Cruz Lucero. Karamihan sa mga antolohiya ay suportado kung hindi ng mga institusyong kultural ng estado tulad ng NCCA ay ng mga grant mula sa mga transnasyonal na korporasyon o pundasyon tulad ng Toyota Foundation na siyang sumuporta sa dalawang bolyum ng *Cebuano Poetry* nina Alburo. Masalimuot ang ganitong kalakaran, dahil tulad noong panahong nasa ilalim ng Batas Militar ng diktador na si Ferdinand E. Marcos Sr., ang pagpopondo sa mga katipunang pampanitikan, tulad ng mga katutubong awit, ay bahagi ng politika ng “the true, the good, and the beautiful” ng Bagong Lipunan. Bagama’t sa maraming pagkakataon, depende kung sino-sino ang nasa posisyon sa mga kultural na apendehe ng estado, binibigyang-laya ang mga iskolar at antolohista ng panitikan na gumawa ng mga “kritikal” na antolohiya at produksiyong pampanitikan. Gayundin sa mga transnasyonal na korporasyon at imperyalistang institusyong pang-edukasyon na nagpopondo sa mga antolohiyang pampanitikan sa bansa, partikular sa mga rehiyon. Kung susuriin, ang tagumpay ng anumang antolohiyang pampanitikan, tulad ng antolohiya ng panitikang rehiyonal, na may basbas ng at pondo mula sa gobyerno at transnasyonal na komersiyo, ay nasa antolohista.

Mahalaga ring banggitin na di-tulad ng mga bolyum ng teksbuk at diyakronikong antolohiya, karamihan sa mga antolohiyang nabanggit sa itaas ay mayroong pagtatangkang gawing “kritikal” ang pagtitipon upang maging “kritikal” ang pagbabasa ng mga ito. Tulad ng paglalapat nina Hosillos at Mojares ng mga teoryang pampanitikan, ang *Dulaang Hiligaynon*, halimbawa, ay ginawan ng kritikal na introduksiyon ni Doreen G. Fernandez. Hindi lamang basta paglilista ng mga dulang umusbong at patuloy na yumayabong ang ginawa ni Fernandez, bagkus inempleyo niya ang sosyo-historikal na lapit, ang pag-aaral sa pampanitikang moda ng produksiyon batay sa mga puwersa ng produksiyon tulad ng buhay at kasaysayan ng awtor,

ng bayang kaniyang ginagalawan, at ng mismong pag-aakda sa akda ng isang rehiyon. Halimbawa, binaklas ni Fernandez ang nosyon na ang panitikan ng rehiyon ay “salamin” lamang ng lipunan:

Ang mga dulang sinulat at itinanghal, ang mga anyo at teknik na ginamit ay nagpapatotoo sa sigla ng taumbayan, pagmamahal sa dulaan, at malikhaing tugon sa katotohanan ng mga kasalukuyang suliranin. Tunay nga itong dulaan ng bayan. (Fernandez 25)

Sa pareho pa ring antolohiya ng *Dulaang Hiligaynon*, malinaw na ipinahayag ni Lucero ang lapit at tuon ng kaniyang antolohiya—ang bumuo ng isang kritikal na pag-aaral ng mga panitikan ng iba’t ibang rehiyon bilang bahagi ng proyekto ng pagsasabansa ng mga panitikang ito. At ang proyektong ito ay hindi maisasagawa kung wala ang puspusan at kritikal na gawain ng pagsasalin. Ayon sa “Mga Tala sa Pagsasalin” ni Lucero:

Layunin ng pagsasalin ng mga dulang Hiligaynon o Ilonggo na ito ang mga sumusunod: (1) pagbuo ng mas representatibong kasaysayang pampanitikan sa pamamagitan ng paglangkap ng panitikang rehiyunal sa kanon ng pambansang panitikan; (2) pag-ambag sa paghubog ng mas bukas na panlasang estetika ng mambabasang di-Ilonggo; at (3) pag-ambag sa pagpapayaman ng Filipino bilang ating wikang pambansa.” (Lucero 31)

Inilathala rito ni Lucero ang pinakaproyekto ng pagsasalin bilang bahagi ng proyekto ng pagsasabansa ng panitikan ng mga rehiyon. Idinagdag pa ni Lucero na habang ang tunguhin ng pagsasalin ay upang magkaroon ng representatibong kasaysayang pampanitikan na buhay sa rehiyon, nagangahulugan ito ng isang malaking proyektong nasa inisyul at batang yugto pa lamang: na nangangailangan pa ng mas masikha na gawain. At habang itinatampok para sa mga mambabasa na di-Ilonggo ang panitikang Hiligaynon—na masasabi pa rin para sa mga panitikan ng iba pang rehiyon—ang pagsasalin ay nagiging proyekto upang paghambing ang iba’t ibang kultura: ang kultura ng pinagmulang rehiyon na mayroong sariling wika at ang kultura ng pinagsalinang rehiyon na mayroon ding sariling wika. Sa ganitong punto ng pagsasalin ay nagagawang patampukin ang

“pagkakatulad ng dalawang kultura ngunit idinidiin din ang pagkakaiba ng dalawang kulturang ito” (Lucero 39). Samakatwid, ang proyekto ng pagsasabansa ay pagtatanghal ng mga pagkakatulad at pagtanggap sa pagkakaiba ng mga kultura’t ideolohiya sa bansa nang malay na binubuo ang bansa.

### **Kung Sino ang Umakda at Paano Iniakda ang Iskolar ng Rehiyon**

Pangunahing tesis ng akdang *Kung Sino ang Kumatha kina Bagongbanta, Ossorio, Herrera, Aquino de Belen, Balagtas, atbp: Mga Imbestigasyon sa Panitikan ng Kolonyalismo* ni Virgilio S. Almario ang pagpapatuloy ng isinaad ni Jose Rizal sa Hunyo 15 at 30, 1889 na isyu ng *La Solidaridad*:

Mag-uukol kami ng higit na masinop na pag-aaral sa mga bagay na tulad ng sining Tagalog at panitikang Filipino pagsapit ng higit na magandang panahon. Noon namin matutukoy kung alin sa mga pagtatanghal ang dalisay na katutubo, kung alin ang eksotiko, ang dulot ng mga Espanyol, kung alin ang bunga ng ganitong paghahalo, kung alin ang pinakamahusay sa lahat, atbp...Maaaring mahina at magaspang ito, maaaring musmos, hamak at maliit sa tingin ng Inyong Kamahalan, ngunit taglay nito kahit paano sa aking palagay ang higit na malalim na pagkatula at pagkawagas na hindi kailanman mauunawaan ng Inyong Kamahalan.” (Almario, nasa unang pahina ng *Kung sino ang kumatha...*)

Pinoproblematisa sa partikular ni Almario kung paanong sa panitikan sa Pilipinas ay umusbong sina Bagongbanta, Rizal, Ossorio, Balagtas, at iba pang higante ng panitikan bilang mga kanonisado, tinitingala at pinag-aaralang mga icon pagdating sa panitikan. Ani Almario, sa pamamagitan ng mga iskolar na siyang nagbubulatlat, nagbibigay-kahulugan at interpretasyon sa mga akda ng mga tauhang ito nabuo ang paggalang at pagpatay sa mga akdang pampanitikan at sa mga may-akda mismo. Samakatwid, sinasabi ni Almario na nasa mamamayang nagbabasa/tumatangkilik sa mga akda at nasa mga iskolar na umakda at muling-umaakda sa mga awtor at sa kanilang mga panitik nakasalalay ang pormasyon natin at patuloy na pagpapayabong ng proyekto ng pagsasabansang pampanitikan.

Sa ganitong layon at tuon ay magagawang pag-

aralan ang ginagawang pagsusulat ng kasaysayang pampanitikan ng mga rehiyon. Ang pag-aakdang ito, sa pangunahin ay ginagawa ng mamamayan, at sa sumunod na lebel ay ang muling pag-aakda ng mga iskolar mula sa rehiyon, at kung paanong ang muling pag-aakda na ito ay muling iinterpolahin ng mamamayan at mambabasa. Ngunit bago pa man iniakda ng mga mamayan at iskolar ang kasaysayang pampanitikan ay iniakda muna ang mamamayan at iskolar. Paano nga bang ang iskolar ng mga rehiyon ay iniakda ng kani-kanilang rehiyon at ng kani-kanilang iba pang kolonyal at kultural na karanasan?

Sa antolohiya ng oral na kasaysayan ng mga manunulat ng iba't ibang rehiyon na isinatipon ni Cruz sa *In Our Own Words: Filipino Writers in Vernacular Languages*, makikita na nagtatagpo ang konseptuwalisasyon ni Bienvenido Lumbera ng pagwawaksi sa manunulat bilang “regional writer” lamang sa konsepto ni Cruz ng pagtaguri sa manunulat ng rehiyon bilang “Filipino writers in vernacular languages.” Ibig sabihin, hindi ikinakahon sa wika’t heograpiya lamang ang manunulat ng mga rehiyon, kundi may pagtatangka nang isama sa konsepto ng “manunulat na Filipino” at ng “pagsasabansa” ang manunulat mula sa mga rehiyon. Samakatwid, tulad ng isinaad ni Lucero sa kaniyang “Mga Tala sa Pagsasalin,” ang proyekto ng pagsasabansa ay nangangailangan muna ng transitory phase ng “rehiyonalismo,” dahil mainam at malusog itong pagtataya sa asersiyon ng rehiyon ng kani-kanilang mga sariling kultura, politika, ekonomiya, at ideolohiya—ngunit darating ang panahon na iigpawan na ito dahil matataya na ang dulo ng proyekto ng pagsasabansa at pagsusulat ng kasaysayang pampanitikan ng bansa.

Paano nga ba iniakda ang “manunulat na Filipino sa mga bernakular na lengguwahe”? Sa *In Our Own Words*, ang pagtitipon ni Cruz ay magpapakita sa atin ng oral na kasaysayan (sa pamamagitan ng panayam) ng ilang tinitingalang manunulat mula sa iba't ibang rehiyon sa bansa na nagsusulat sa kanilang sariling bernakular, sa Ingles, at sa Filipino. Karamihan ng mga manunulat na ito ay tumukoy sa impluwensiya ng mga komersiyal na magasin at publikasyon bilang inisyal na tagapukaw ng kanilang interes sa panitikan at malikhang pagsusulat. Halimbawa, sa kaso ng mga manunulat sa Iloko na sina Prescillano N. Bermudez at Jose A. Bragado, tinukoy nila ang *Bannawag*, kapatid na magasin ng *Liwayway*, na inilalathala sa Iloko, bilang pangunahing nakapukaw sa interes nila

sa panitikan. Ayon kay Bermudez:

My interest in writing naturally developed when I learned to read the *Bannawag* when I was a Grade II primary pupil. I kept on reading the magazine and imagined that someday I would also write for the magazine. (Cruz 47)

Ganito rin halos ang sentimyento ni Bragado:

I learned writing when I started reading *Bannawag* in Grade Four. That’s how my interest in literature was developed until I started writing poems. Although I thought some of them weren’t very good, I sent them all to *Bannawag* just the same. (Cruz 56)

Sa ganitong punto, masasaludsod natin kung paanong ang maraming manunulat, maging sa rehiyon, ay naimpluwensiyahan ng mga pampanitikang institusyon at komersiyal na publikasyon. Isinaad din nina Bermudez at Bragado ang impluwensiya sa kanila ng organisasyon ng mga manunulat na Ilokano, ang GUMIL, at ang mga patimpalak pampanitikang “Annual Short Story Contest” ng *Bannawag* at ang Pedro Bukaneg Awards. Binanggit din ni Bermudez ang tulong ng Philippine Writers Foundation Grants na sinimulan noong 1980 ng Cultural Center of the Philippines, na siya ang kauna-unahang nakakuha ng grant para sa nobelang Iloko. Mula rito masasapin natin ang pagbubuo mismo ng konsepto ng kanon ng rehiyon: patimpalak, publikasyon, grants, pag-aaral at organisasyon ng mga manunulat.

At bilang mga manunulat at iskolar, sina Bermudez at Bragado ay lumilikha rin ng sarili nilang “literary imagination” para sa kanilang rehiyon. Halimbawa, malinaw kay Bermudez ang proyekto ng pagsasabansa ng panitikang Iloko sa pamamagitan ng pagkasangkapan sa wika. Ani Bermudez:

Usually, in my Filipino writing, I incorporate some Ilocano words which I think is one way by which writers could enrich our national language which should be composed only of Tagalog words. (Cruz 48)

Mula sa pahayag na ito, makikita ang konstruktibong pagkilatis sa wika at panitikang Filipino na dinodomina ng Tagalog. Mahihibo mula sa pahayag ni Bermudez na tanggapan niya na siya bilang manunulat mula sa rehiyong

Iloko ay hindi dapat ituring na “Iba” ang iba pang wika sa bansa. Sa ganitong direksiyon din nakatuon ang proyekto ng Aklat Bahandi, isang serye ng pagsasalin sa Filipino ng mga klasikang akda sa dayuhang wika at mga wika sa rehiyon ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF) ng Sistemang Unibersidad ng Pilipinas. Ang naturang proyekto ng pagsasalin ay kaugnay ng “puspusang pagsisikap na lumikha ng tekstong nagtataguyod sa pag-unlad ng pambansang panitikan sa tulong ng ambag mula sa mga rehiyon sa Filipinas at panitikan ng daigdig” [talang-Aklat Bahandi mula sa *Labindalawang Kuwento* (UP-SWF: 1998) ni Vicente Sotto]. Samakatwid, umaayon ito sa pambansang proyekto ng pagbubuo ng wikang pambansa at ng pagsusulat ng kasaysayang pampanitikan ng bansa—at ang pagsasabansa ng rehiyon, na makikita natin na tila taliwas sa “mayabang” na pahayag ni Bragado hinggil sa panitikang Ilokano:

I think Ilocano literature is far more advanced than the other literatures of the Philippines. But then again, Tagalogs have written much more. So I would say Tagalog literature is number one, followed by Ilocano literature, and then maybe Cebuano literature places a distant third. (Cruz 59)

Mahihibo mula sa pahayag na ito ni Bragado ang kakulangan sa pagkilala na patuloy, bagamat di- sabay-sabay at di-pantay-pantay, ang pag-unlad ng mga panitikan sa lahat ng mga rehiyon sa bansa. Pumapasok dito ang problema hinggil sa pagtatanghal ng panitikan—na sa pagnanais na baklasin ang kanon ng panitikang Tagalog bilang kanon ng panitikang Filipino ay ninanais ng ilang manunulat at iskolar na patampukin ang kanilang panitikan ng rehiyon bilang “pinakamagaling” at “pinakamahusay” at “pinakamayabong” na panitikan sa bansa. Nalalabusaw at nahahirapan tuloy lalo na pagtagumpayin ang proyekto ng pagsasabansa ng panitikan ng mga rehiyon, dahil natatali ang iskolarsyip sa “pagpapataasan” at pagraranggo, nang hindi nagiging konstruktibo at malusog.

Sa dalawang pahayag ng manunulat na ito mula sa parehong rehiyon ay makikita na hindi homogenisado ang pagtingin sa iskolarsyip at panitikan ng rehiyon at ng panitikang pambansa sa pangkalahatan. Ito ang kinakailangang baklasin at bunuin. Maidaragdag natin kung paanong iniaakda ng mga manunulat ng mga

rehiyon ang panitikan sa Pilipinas, lalo na’t mayroong itinuturing na “menor” at “mayor” na mga manunulat, na ang batayan ng “pag-uuri” o “pagraranggo” o “pagtuturing” ay dami, bilang at distribusyon ng akda (kantitatibo), kalidad ng akda (kalitatibo, na dapat ding isailalim sa kritikal na pagpoproseso; lagpas sa suhetibo ay ideolohikal at politikal ang pamantayan), impluwensiya ng akda, at iba pang kapuwa ohetibo-suhetibong parametro (na nangangailangan ng masusing pagsisiyasat). Hindi na nakapagtataka kung bakit kahit maraming naisulat si Magdalena Jalandoni ay marami pa rin ang tumuturing sa kaniya bilang “menor” na manunulat na Filipino. Kung bakit hindi nabibigyang pagkakataon upang pag-aralan at diskursuhin ang mga akda’t panulat ng itinuturing na “menor” na manunulat na si Jose Quirino. Kung bakit kahit iniakda na ng iskolar na si Ma. Cecilia Locsin-Nava si Ramon Muzones sa kaniyang *History and Society in the Novels of Ramon Muzones* ay hindi pa rin pinagdadamutan ng marami si Muzones.

Maraming iskolar mula sa rehiyon ang nagpakadalubhasa sa sentro at/o urban dahil naroroon ang mga paaralan, institusyon, ahensiya, tanggapan, at iba pang akademiko, sibiko, publiko, at komersiyal na pormasyong itinaguyod at kinikilala o itinuturing bilang “eksperto.” Wala namang masama rito, ngunit ang masama ay kung pagbalik nila sa kanilang mga rehiyon at kung tutugunan nila ang hamon ng pagsasabansa ng panitikan ng rehiyon ay ang tanging bitbit nila ay ang kultura’t ideolohiya’t politika ng sentro at/o urban, nang hindi kritikal na sinisipat ang tereyn ng pagpapakadalubhasa sa panitikan bilang tereyn ng tunggalian. Halimbawa, sa sanaysay na “Edith L. Tiempo as Literary Critic” ni Cruz, ipinakita niya ang pagyakap at pagrebisa nang kaunti ni Edith Tiempo at ng asawa nitong si Edilberto Tiempo sa New Criticism na natutuhan nila mula sa mga Unibersidad sa Amerika:

Together with her husband Edilberto in the fifties, Tiempo adapted the New Criticism they learned in American universities to the peculiar circumstances of the Filipino writer. (Cruz 1999: 239)

Makikita rito ang apropiyasyon at pagpapanaig ng New Criticism sa panitikang ibinubudyong ng mga Tiempo sa Dumaguete na siyang tinututulan ng maraming kritiko’t iskolar maging ng sentro,



halimbawa ng maangas na si Edel Garcellano sa kaniyang *The Knife's Edge*. Mahigpit na kalaban ng New Criticism sa Pilipinas ang Marxista-Leninista-Maoistang kritisismo nina Epifanio San Juan at Gelacio Guillermo sa kanilang pagsusulat at iskolarsyip. Samakatwid, maging ang rehiyon ay nakararanas ng samotsaring impluwensiya mula sa iba't ibang kanluraning konsepto at diskurso ng sentro o urban.

Kaya sinubukan ng ibang antolohista't iskolar na gagapin sa pangkabuuan ang kasaysayang pampanitikan ng iba't ibang rehiyon—sa isang masaklaw at pambansang lapit. Halimbawa ng mga ito ay ang *The De La Salle University Reader: Writings from the Different Regions of the Philippines* na inedit ni Estrellita Valeros-Gruenberg at ang *Filipinos Writing: Philippine Literature from the Regions* na inedit sa pangkalahatan ni Dr. Bienvenido Lumbera. Sa puntong ito, ang proyekto ng pagsasabansa na tinatangka sa mga antolohiyang nabanggit ay mas masaklaw ang lapit—di na lamang nakasentro sa iilang rehiyon. Bagkus, inihahanay ang mga rehiyonal na literatura kasama ng iba pang rehiyonal na literatura sa bansa—bilang isang proyekto ng pagbubuo ng pambansang panitikan. At sa mas kritikal na pagsipat, inihahanay ang kanonisadong panitikang Filipino ng sentro (Maynila) at panitikang Tagalog bilang kapantay ng iba pang panitikang galing sa mga rehiyon. Sa ganitong aksiyon at direksiyon, at sa pagtatagisan ng iba't ibang lapit at lapat-teoretikal ng mga iskolar ng panitikan, lilitaw ang pinakamahusay na pagsasabansa ng panitikan. Ngunit sa ngayon, ang mga pagtatangkang ito ng mga antolohiya at antolohista ay maituturing lamang na mga postkolonyal na tagumpay—sa ganang naipakikita ang pagdalumat sa labas ng kolonyal na pamantayan—at patuloy na nagtutunggali ang mga ideolohiya at politika ng mga iskolar at antolohista para sa proyekto ng pagsasabansa ng panitikan ng/mula sa mga rehiyon.

Nitong nagdaang mga taon, ilang antolohiya ng malikhaing akda at ilang panunuring pampanitikan hinggil sa panitikan mula sa mga rehiyon ang nagdulot ng iba't ibang perspektibong nagsisilbing interbensiyon sa panitikang pambansa o panitikan ng bansa. Mula sa mga intertekstuwal at interkultural, maging antropolohikal, na lapit ng *Ang Bayan sa Labas ng Maynila = The Nation Beyond Manila* (Ateneo de Manila University Press, 2007) ni Rosario Cruz Lucero, hanggang sa mas masaklaw na pagtitipon ng mga antolohiya at pagpapagitaw ng kasaysayang pampanitikang Bisaya sa *Sa Atong*

*Dila: Introduction to Visayan Literature* (UP Press, 2015) ni Merlie M. Alunan. Nariyan din ang masikhay na pag-aaral sa kapangyarihan ng oralidad tungong limbag na pagkukuwento na masisipat sa *An Orosipon kan Bikolnon: Interrupting the Philippine Nation* (UP Press, 2017) ni Raniela E. Barbaza, bilang pagsasaysay ng hindi-mababakurang kapangyarihan ng mamamayan na umakda at umartikula ng karanasan sa bansa. Mayroon ding tradisyonal pa rin ang atake sa pag-aantolohiya tulad nang makikita sa *Kinabuhì: Kultura at Wika sa Salin ng mga Kuwentong Bukidnon* (UP Sentro ng Wikang Filipino–Diliman, 2018) ni Leonisa A. Impil. Naghahatid naman ng kritikal na pagteteorya sa mga panitikan mula sa mga rehiyon ang pagdidiskurso sa *Kritikang Rehiyonal: Diskurso ng Lahi, Uri, at Kasarian sa mga Akda mula sa Rehiyon* (UP Sentro ng Wikang Filipino–Diliman, 2020) ni John E. Barrios, nang may lawig at lawak na pambansa sa mga akdang sinuri at dinalumat. Habang tila payak na pagtitipon ng mga malikhaing akda ang *Lunduyan: Kaparangan ng mga Alaala* (UP Sentro ng Wikang Filipino–Diliman, 2020) ng organisasyong Lunduyan ng mga Bulakenyong Artista't Manunulat (LAMBAT), lantad ang politikal na interbensiyon nitong makauri sa pamamagitan ng maingat na pagtitipon ng kontemporaryong panitikang Bulakenyo na kalakha'y tumatalakay sa mga isyung panlipunan sa naturang probinsiya at bansa.

Kung gayon, kung patuloy na lilikha at pag-aaralan ang mga antolohiyang pampanitikan ng mga rehiyon, imperatibong sipatin ang tereyn ng panitikan bilang tereyn ng tunggalian. Iba't iba ang ideolohiya ng mga puwersang panlipunan, at iba't iba ang ideolohiya ng mga antolohista at iskolar pampanitikan ng mga rehiyon. Kaya sa proyekto ng pagsasaantolohiya ng rehiyon tungo o kaugnay ng pag-aantolohiya ng bayan at bansa, kritikal na pagdalumat ang imperatibo at masaklaw at interdisiplinaryo ang interbensiyon, na masusuma sa pamamagitan ng pagtitiyak ng sumusunod:

- a) Inirerepresenta ba ng mga iskolar ng rehiyon ang kanilang mga rehiyon?
- b) Kung inirerepresenta nila, sino ang ating paniniwalaan at pakikinggan sa kanila?
- c) Kaninong pag-aakda ang marapat na sabihing representasyon ng panitikan ng rehiyon?
- d) Aling dulog o dalumat sa panitikan ang bibigyang-diin at gagamitin?
- e) Napalalaya ba ng at mapagpalaya ba ang dulog

o dalumat ng panitikan at bayan?

f) Paano sisipatin ang mga panitikan ng rehiyon sa gitna ng krisis sa disimpormasyon at distorsiyon?

g) Kaninong pag-aakda ang marapat na taguriang bahagi ng proyekto ng pagsusulat ng kasaysayang pampanitikan ng bansa at ng pagsasabansa ng panitikan ng rehiyon?

h) Nasasaklaw ba ng mga hinihirayang representatibong mga teksto ang masalimuot na mga erya ng kaakuhan o identidad, kasarian at seksuwalidad, ekonomiya at uring panlipunan, lahi at etnisidad, politika, wika at kultura, at iba pang barometro, bilang mga erya na iba't iba rin ang moda ng pag-unlad?

Iba't iba ang tunguhin ng mga puwersang panlipunan sa paglikha o pagbuo ng mga antolohiya, at sa pagpapanday ng panitikang pambansa at panitikang rehiyonal. Masasabing may mga puwersang panlipunan na naniniwala sa pagtataguyod ng panitikan sa pamamagitan ng pagpapaloob sa mga reaksiyong ahensiya ng reaksiyong estado o gobyerno, sa pakikitunggali sa loob ng mga akademikong institusyon, sa "pagbabago sa loob ng reaksiyong ahensiya." Habang sa kabilang banda, may mga puwersang panlipunan na nagpapatampok ng mapagtimbuwal na pagbabago, at pagwawasak pa nga ng mga reaksiyong ahensiyang pangkultura at pampanitikan, at paglikha ng bago at mapagpanibago. Sa huli, anumang interbensiyon sa panitikan ay manipestasyon ng interbensiyon sa bayan.

## Sanggunian

Almario, Virgilio S. *Kung Sino ang Kumatha kina Bagongbanta, Ossorio, Herrera, Aquino de Belen, Balagtas, atbp: Mga Imbestigasyon sa Panitikan ng Kolonyalismo*. Anvil Publishing, Inc. 1992.

Cruz, Isagani R. "Edith L. Tiempo as Literary Critic." Inedit nina Gemino H. Abad et al., *An Edith Tiempo Reader, University of the Philippines Press*, 1999, mp. 239–252.

---. In *Our Own Words: Filipino Writers in Vernacular Languages*. De La Salle University Press, 2000.

Del Mundo, Clodualdo. "Spanish and American Colonial Literature in Tagalog." Inedit ni Antonio G. Manuud, *Brown Heritage: Essays on Philippine Cultural Tradition and Literature*, Ateneo de Manila University Press, 1967, mp. 361–384.

Fanon, Frantz. *The Wretched of the Earth: A Negro Psychoanalyst's Study of the Problems of Racism and Colonialism in the World Today*. Salin mula sa Pranses ni Constance Farrington, Grove Press, Inc., 1963.

Fernandez, Doreen G. "Introduksiyon" sa *Dulaang Hiligaynon*, isinatipon ni Rosario Cruz Lucero, Ateneo de Manila University Press, 1996, mp. 1–29.

Gorak, Jan. *The Making of the Modern Canon: Genesis and Crisis of a Literary Idea*. The Athlone Press Ltd., 1991.

Gruenberg, Estrellita V., pat. *The De La Salle University Reader: Writings from the Different Regions of the Philippines*. De La Salle University Press, 2000.

Hosillos, Lucila V., pat. *Hiligaynon Literature: Texts and Contexts*. Aqua-Land Enterprises, 1992.

---. *Philippine–American Literary Relations, 1898–1941*. University of the Philippines Press, 1968.

Lucero, Rosario C., tagatipon. *Dulaang Hiligaynon*. Ateneo de Manila University Press, 1996.

Lumbera, Bienvenido, pangkalahatang pat. *Filipinos Writing: Philippine Literature from the Regions*. Anvil Publishing, 2001.

Mojares, Resil B. "Balak: Isang Introduksiyon sa Panulaang Cebuano." Tinipon, inedit, at isinalin nina Don Pagusara at Erlinda Alburo, *Panulaang Cebuano*. Ateneo de Manila University Press, 1993, mp. xiii–xxi.

---. *Theater in Society, Society in Theater: Social History of a Cebuano Village, 1840–1940*. Ateneo de Manila University Press, 1985.

---. *Waiting for Mariang Makiling: Essays in Philippine Cultural History*. Ateneo de Manila University Press, 2002.

Pagusara, Don, Erlinda Alburo at Resil Mojares, mga tagatipon at tagasalin. *Dulaang Cebuano*. Ateneo de Manila University Press, 1997.

Sugbo, Victor N., pat. *Illumined Terrain: The Sites and Dimensions of Philippine Literature*. National Commission for Culture and the Arts, 1998.

---, pat. *Tinipigan: An Anthology of Waray Literature*. National Commission for Culture and the Arts, 1995.

Villareal, Corazon D. . University of the Philippines Press, 1994.

